BAGO-PRIMARYA

Public education
**Discover a world of opportunities**

# MGA BILANG: PAG-AARAL SA TAHANAN

## MGA IDEYA SA GAWAING SA PAGBILANG SA LOOB NG BAHAY

### Magkasamang magbasa

Ang mga aklat ay madali at nakakalibang na paraan sa pagdadala ng matematika sa iyong tahanan. Habang nagbabasa, dagdagan ang kasiyahan sa pamamagitan ng mga pagtanong: *Sino ang ikalawang taong dumating? Ilang mga tao ang may kulay kape na buhok? Sino ang pinakamatangkad sa litrato? Nasa anong pahina na tayo? Bilangin ang mga pahina habang binubuklat ang libro.*

### Mag-usap kayo tungkol sa oras

Tulungan niyo ang iyong anak na bumasa ng kapwa analogue at digital na relos. Mag-usap kayo tungkol sa oras. Halimbawa: *Anong oras nagsisimula ang iyong paboritong palabas sa telebisyon? at Gaano katagal ang programa?*

### Isport

Ang isport ay isang paksa na ibinibilang ang matematika at madali itong pag-usapan. Maaaring itanong: *Ilang mga gol ang mayroon ang koponan? at Aling manlalaro ang naka-iskor ng pinakamaraming puntos? Maaari niyong:*

- ituro ang iskor at mga oras na nakikita sa talaan ng puntos
- pag-usapan ang mga nakakuha ng puwesto sa isang karera – una, pangalawa, pangatlo… huli
- Isulat ang mga araw at oras ng isport sa isang kal-endaryo at pag-usapan ang mga araw ng linggo, mga buwan ng taon at mga panahon (seasons).

### Pagkain at pagluluto

Sabihin sa iyong anak na magsukat ng mga sangkap na gamit ang mga kutsara, mga tabo (scoops) at mga tasa. Hikayating siyang buhatin ang mga bagay para malaman kung ano ang mas mabigat. Tulungan siyang mag-isip kung paano mababahagi nang pare-pareho ang mga pagkain at inumin, halimbawa, hiwain niyo ang mga sanwits o prutas sa dalawang bahagi at sabihin: *Hiniwa ko ito sa dalawang magkasinlaking bahagi – kalahati para sa iyo at kalahati para sa akin.*

Magkasama kayong maghanda ng mga pagkain at at itanong ninyo:

- *Ilan tao ang kakain?*
- *Ilang mga plato at tasa ang kailangan natin?*
- *Makakakuha ka ba nang sapat na mga plato na hindi mo binibilang ang bawat plato? Kailangan natin ng anim na plato, iyon ay tatlo at tatlo pa.*
- *Kung kailangan natin ng dalawang piraso ng tinapay para sa isang sanwits, mayroon bang sapat na tinapay para makagawa ng mga sanwits para sa lahat?*

**Ipakita niyo sa iyong anak na ang kalahatang dami ng isang grupo ng mga bagay ay hindi nagbabago kahit na baguhin mo ang pagkakaayos nila. Maghanay kayo sa isang linya ng ilang mga bagay at itanong ninyo: *Ilan sila?* Ilagay ang parehong mga bagay sa isang grupo at itanong: *Ilan sila ngayon?* Pareho ang sagot.**

Department of Education

**Matutunghayan ang marami pang mga pahina ng pag-aaral sa tahanan sa education.wa.edu.au**

© Department of Education, Western Australia, 2015